Republic of the Philippines
**Department of Education**
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City

FEB 07 2011

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg. 39 , s. 2011

**IKALAWANG PAMBANSANG KONGRESO NG WIKA SA MGA PAARALANG PAMPUBLIKO AT PAMPRIBADO SA ANTAS ELEMENTARYA AT SEKUNDARYA**

Sa mga: Direktor Panrehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punong-Guro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribadong Elementarya at Sekundarya

1. Ang Kagawaran ng Edukasyon-Kawanihan ng Edukasyong Sekundarya, sa pakikipagtulungan ng Kapisanan ng mga Superbisor at Guro ng Filipino (KASUGUFIL) ay magsasagawa ng Ikalawang Kongreso ng Wika sa mga Paaralang Pampubliko at Pampribado sa Antas Elementarya at Sekundarya na may temang, *"Ang Kurikulum Tungo sa Pagpapaangat ng Wikang Filipino at Kalidad ng Edukasyon sa Antas Elementarya at Sekundarya"* na gaganapin sa Abril 17-20, 2011 sa Teachers Camp, Lungsod ng Baguio.

2. Layunin ng gawain na ang mga kalahok ay:

a. magkaroon ng malalim na pag-unawa sa mga pagbabago sa kurikulum;
b. makapagbahagi ng kanilang magiging tungkulin at kontribusyon sa pagpapaangat ng wikang Filipino at kalidad ng edukasyon;
k. makapagpakitang-turo ng ilang aralin mula sa gabay pangkurikulum; at
d. makapagtanghal ng ilang inaasahang produkto/pagganap mula sa gabay pangkurikulum.

3. Ang gawain ay nararapat na daluhan ng mga panrehiyon at pansangay na superbisor, puno/tagapag-ugnay ng kagawaran at guro ng Filipino sa mga paaralang pampubliko at pampribado sa antas elementarya at sekundarya. Hinihikayat na lalong dapat lumahok ang mga gurong nagtuturo ng Filipino sa ikalawang taon ng sekundarya.

4. Ang mga kinatawan ay nararapat na magbayad ng bayad-rehistrasyon sa halagang Tatlong Libo at Limang Daang Piso (PhP3,500.00) na gugugulin para sa pagkain, tirahan, mga kagamitan (Kasanayang Pampagkatuto para sa Elementarya, at Gabay at Patnubay o Teachers Guide (TG) at Curriculum Guide (CG) sa Pagtuturo ng Kurikulum ng Edukasyong Sekundarya ng Filipino II), t-shirt, training bag at ID), honoraryum ng mga panauhing tagapagsalita, para sa pagsapi ng mga kalahok na magtatagal ng tatlong taon, at sa iba pang kinakailangan sa pagsasakatuparan ng gawain.

5. Ang bayad-rehistrasyon at ang pamasahe ng mga kalahok patungo sa lugar ng seminar-worksyap at pabalik sa kanilang pinanggalingan ay manggagaling sa pondong lokal na dapat sumailalim sa kinagawiang pag-aawdit. Ang pondong gugugulin ng kinatawan ng kawanihan ay manggagaling sa rehistrasyon at ang ibang gastusin ay manggagaling sa pondo na ipagkakaloob ng tanggapan ni Sen. Tito Sotto sa pamamagitan ng Kapisanan ng mga Superbisor at Guro sa Filipino (KASUGUFIL).

6. Kalakip nito ang programa ng gawain para sa kabatiran ng lahat. Inaasahan ang lahat ng namamahala sa gawain na magsusuot ng barong Tagalog na kulay krema at itim na pantalon para sa pambungad na palatuntunan.

7. Ang mga kalahok ay inaasahang darating sa Teachers Camp sa umaga ng Abril 17 para sa pambungad na palatuntunan at oryentasyon sa ganap na 1:00 ng hapon. Ang unang pagkain ay ihahain sa tanghalian sa nabanggit na araw. Samantala, ang gawain ay magwawakas sa Abril 20, 2011 at ang huling pagkaing ihahain ay meryenda sa hapon.

8. Anumang katanungan kaugnay ng gawaing ito ay maaaring itawag o e-mail sinuman kina Gng. Cristina S. Chioco sa mobile blg.: 0928-294-7931; e-mail address: isteel123@yahoo.com at Gng. Evangeline C. Calinisan sa mobile blg.: 0928-967-8281; e-mail address: vangie_calinisan@yahoo.com o sa telepono blg.: (02) 632-7746.

9. Hinihiling ang dagliang pagpapahatid sa kinauukulan ang Memorandum na ito.

**BR. ARMIN A. LUISTRO FSC**
Kalihim

Kalakip: Gaya ng nasasaad
Sanggunian: Wala
Ilalagay sa Palagiang Talatuntunan
sa ilalim ng mga sumusunod na paksa:

LANGUAGE
Learning Area, FILIPINO
SEMINARS
SOCIETY or ASSOCIATIONS
WORKSHOPS

R-MCR/DM-Kongreso ng Wika
01-18-11

**IKALAWANG PAMBANSANG KONGGRESO NG WIKA SA MGA PAARALANG PAMPUBLIKO AT PAMPRIBADO SA ANTAS ELEMENTARYA AT SA SEKUNDARYA**
**TEMA: "Ang Kurikulum Tungo sa Pagpapaangat ng Wikang Filipino at Kalidad ng Edukasyon sa Antas Elementarya at Sekundarya"**
**Abril 17-20, 2011, Teacher's Camp, Lungsod ng Baguio**

**DISENYO NG SEMINAR-WORKSYAP**

| ORAS | Abril 17 | Abril 18 | Abril 19 | Abril 20 |
|---|---|---|---|---|
| 8:00 n.u. – 12:00 n.h<br>8:00 n. u – 10:00 n.u | Pagdating at pagpapatala ng mga kalahok | **Sesyon 3:**<br>Ang Pagsasanib ng gramatika/ Retorika sa Pagtuturo ng Filipino<br><br>***Worksyap 1**: Paghahanda para sa pakitang-turo<br>(Elementarya at Sekundarya)<br><br>*Mga Tagapagdaloy: III, X* | **Sesyon 5:**<br>Ang Pagtuturo ng Balagtasan<br><br>***Worksyap 3**: Pagpapasulat ng Balagtasan at Pagbuo ng mga Kraytirya sa Pagtataya ng Balagtasan<br><br>*Mga Tagapagdaloy: IV-B, XIII* | **Sesyon 7**: Ang Pagtuturo ng Madamdaming Sabayang Pagbigkas<br>Halimbawa: Florante at Laura<br>***Worksyap 5**: Pagpapasulat ng Iskrip ng Madulang Sabayang Pagbigkas at Pagbuo ng mga Kraytirya sa Pagtataya ng Madamdaming Sabayang Pagbigkas<br><br>*Mga Tagapagdaloy: VI, VII* |
| 10:00 – 10:30 | M E R Y E N D A | | | |
| 10:30 – 12:00 | | *Pagpapatuloy ng Sesyon 3* | *Pagpapatuloy ng Sesyon 5* | *Pagpapatuloy ng Sesyon 7* |
| 12:00 – 1:30 | T A N G H A L I A N | | | |
| 1:00 n.h – 2:00 n.h. | Pambukas na Programa<br><br>*Mga Tagapagdaloy: CAR, NCR* | **Sesyon 4:**<br>Ang Pagtuturo ng Tula<br><br>***Worksyap 2**: Pagpapasulat ng Tula at Pagbuo ng mga Kraytirya sa Pagtataya ng Tula<br><br>*Mga Tagapagdaloy: IV-A, IX* | **Sesyon 6**:<br>Aang Pagtuturo ng Dulang Pantanghalan<br><br>***Worksyap 4**: Pagpapasulat ng Iskrip ng Dulang Pantanghalan at Pagbuo ng mga Kratirya sa Pagtataya ng Dulang Pantanghalan<br><br>*Mga Tagapagdaloy: V, ARMM* | Pagtatanghal ng inihanda ng mga kalahok sa bawat worksyap<br><br>*Mga Tagapagdaloy: VIII, KASUGUPIL* |
| 2:10 n.h. – 3:30 n.h. | **Sesyon 1:**<br>Ang Kurikulum ng Filipino sa Edukasyong Elementarya<br>*Mga Tagapagdaloy: I, XII* | ↓ | ↓ | Pangwakas na Programa |
| 3:00 – 3:30 | M E R Y E N D A | | | |
| 4 n.h. – 6 n.g. | **Sesyon 2:**<br>Ang Kurikulum ng Filipino II sa Edukasyong Sekundarya sa 2010 SEC II<br>*Mga Tagapagdaloy : II, XI* | ↓ | ↓ | Maligayang Pag-uwi |
| 6:00 n.g. – 7:00 n.g | H A P U N A N | | | |
| 7 n.g. – 9 n.g. | Panunumpa ng mga Opisyal at Bagong Kasapi ng KASUGUFIL<br>*Mga Tagapagdaloy : KASUGUFIL* | Pagpapatuloy ng Worksyap 1 at 2 | Pagpapatuloy ng Worksyap 3 at 4 | |